



Agosto 21, 2020

Mahal na mga Magulang/mga Tagapag-alaga at mga Pamilya,

Nais naming magsimula sa pamamagitan ng pagpapasalamat sa inyo. Salamat sa bawat isa sa inyo para sa inyong patuloy na pagpapasensiya habang nagtatrabaho kami sa lahat ng pagpapalano at mga kinakailangang pag-apruba ng Ministeryo ng Edukasyon para sa isang ligtas na pagbalik sa paaralan at trabaho para sa kawani at mga mag-aaral. Hindi ito isang madali at diretsong proseso. Alam namin na kayo ay nababalisang malaman nang higit pa ang tungkol sa kung anong maaasahan habang binubuksan namin ang mga paaralan ng TDSB at malugod na tinatanggap pabalik ang mga mag-aaral. Matapat naming pinahahalagahan ang inyong patuloy na pag-unawa at pagtitiwala habang kami ay sumusulong. Ginagawa namin ang lahat ng aming makakaya upang epektibong magplano para sa isang ligtas na pagbalik sa paaralan at kami ay nakatuon na gawin lahat nang maaari upang panatilihin ang kawani, mga mag-aaral at mga pamilya na ligtas at malusog.

Tulad ng alam ninyo, ang mga Tagapangasiwa ay gumawa ng ilang mahalagang mga desisyon kahapon kabilang ang pag-apruba ng higit sa \$30 milyong pagpopondo upang mag-employo ng karagdagang 366 na mga guro upang pababain ang mga laki ng klase sa elementarya upang matulungang pabutihin ang kaligtasan ng mag-aaral at kawani sa mga paaralan. Natapos ngayon ng mga kawani ang aming mga modelo ng pag-aaral sa sekundaryo at elementaryang paaralan at kami ay sumusulong sa mahalagang pagpapalano at mga paghahanda na kinakailangan upang muling magbukas ang mga paaralan.

Naantalang Pagsisimula: Martes, Setyembre 15

Dahil sa panahong ibinigay upang makapaghanda para sa pagbalik sa mga paaralan, kailangang ilipat ng TDSB ang unang araw ng paaralan (para sa elementarya, sekundaryo at virtual na paaralan) sa **Martes, Setyembre 15**. Ang pagpasok ng lahat ng mga baitang ay pagkatapos ikakalat sa panahon ng tatlong araw. Ang ekstrang panahong ito ay makakatulong sa amin na buksan ang mga paaralan sa isang ligtas at maayos na paraan. Ang karagdagang impormasyon at mga partikular na detalye ay ibabahagi sa mga magulang/mga pamilya nang direkta mula sa paaralan ng inyong anak bago ang unang araw ng paaralan.

Mga Patnubay sa Maskara/Pantakip ng Mukha

Upang mapabuti ang kalusugan at kaligtasan sa mga paaralan, ang lahat ng mga mag-aaral at kawani ay kailangang magsuot ng mga maskara/pantakip sa mukha sa mga gusali ng TDSB at sa mga bus na pampaaralan. Ang desisyong ito ay kahanay sa pangkalahatang kinakailangan ng Lungsod ng Toronto na sinuman na higit sa dalawang taong gulang ay magsusuot ng isang maskara/pantakip sa mukha sa mga panloob na publikong lugar — na may mga pagbubukod para sa mga medikal na dahilan. Habang ang mga paaralan ay magkakaroon ng mga magagamit na maskara para sa mga mag-aaral kung kinakailangan, ang inaasahan ay ang mga mag-aaral ay magbibigay at magsusuot ng kanilang sariling mga maskara/mga pantakip sa mukha. Lalung-lalo na para sa mga mas batang mag-aaral, titiyakin namin na mayroong mga



panlabas na pahinga, upang ang mga mag-aaral ay hindi nagsusuot ng mga maskara ng maraming oras sa isang panahon. Ang mga karagdagang detalye sa maskara/mga pantakip sa mukha ay paparating na.

Mga Modelo ng Pag-aaral

Ang mga Elementarya (Kindergarten hanggang Baitang 8)

Ang mga mag-aaral (kabilang ang mga nasa Espesyal na Edukasyon at French Immersion at mga Extended French na programa) ay papasok sa paaralan ng 5 araw bawat linggo, na may isang cohort/grupo para sa buong araw, kabilang ang recess at pananghalian. Ang pinahusay na mga protokol na pangkalusugan at pangkaligtasan ay ilalagay sa lugar, kabilang ang mas maliit na mga klase upang matulongang mapalaki ang pisikal na pagdidistansiya. Ang mga paaralang elementarya na naroon sa mga komunidad ng Toronto kung saan ang datos ng Pamublikong Kalusugan ng Toronto ay nagpapakita ng mas mataas na panganib na makakuha ng COVID-19 ay magkakaroon ng mas maliliit na laki ng klase kaysa sa lahat ng ibang mga paaralang elementarya. Bisitahin ang website para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang mahalagang mga detalye sa [mga laki ng klase ng elementarya](#).

Ang mga Sekundaryo (Baitang 9 hanggang 12)

Ang mga mag-aaral (kabilang ang mga nasa Espesyal na Edukasyon at French Immersion at Extended French na programa) ay magkakaroon ng nasa loob ng silid-aralan na pag-aaral sa magkakahaliling araw at magkakasabay na (live, online na pag-aaral) pati na rin ang hindi kasabay na (independyenteng trabaho) pag-aaral araw-araw na may pinahusay na mga hakbang na pangkalusugan sa lugar kabilang ang mas maliit na mga laki ng klase upang mapalaki ang pisikal na pagdidistansiya. Para sa karagdagang impormasyon, paki [bisita ang website](#).

Virtual na Paaralan (Kindergarten hanggang Baitang 12)

Ang mga magulang na nais na mag-aral ang kanilang anak mula sa bahay ay maaaring piliin ang malayuang pag-aaral na opsyon. Para sa karagdagang impormasyon, paki bisita ang website. [Elementarya](#) at [Sekundaryo](#).

Pagrerehistro para sa Loob ng Paaralan o Virtual na Pag-aaral

Tulad ng alam ninyo, kami ay nagsimula ng isang proseso ng paunang pagrerehistro sa maagang bahagi ng buwang ito upang malaman kung sinong mga mag-aaral ang nagpaplanong dumalo sa paaralan sa Setyembre at kung sinong mga mag-aaral ang nagpaplanong makibahagi sa ganap na malayuang (tahanan) na pag-aaral. Mula noong panahong iyon, nagkaroon ng mga makabuluhang pagbabago sa mga modelo ng pag-aaral at ang karagdagang impormasyon ay makukuha upang tulungan ang mga magulang sa paggawa ng desisyong ito. Samakatuwid, sa Miyerkules ng susunod na linggo, hihilingin ng TDSB sa mga magulang/mga tagapag-alaga sa pamamagitan ng email na gumawa ng panghuling desisyon at irehistro ang kanilang mga anak na dumalo sa paaralan o piliin ang malayuang pag-aaral sa pamamagitan ng *Virtual na Paaralan*. Ang email ay maglalaman ng isang natatanging link sa isang online na pormularyo ng pagrerehistro para sa bawat mag-aaral. Ang mga magulang/mga tagapag-alaga na may higit sa isang anak



ay makakatanggap ng isang email bawat bata at kailangang kumpletuhin ang isang hiwalay na pagrerehistro para sa bawat bata. Ang online na pagrerehistro ay makukuha sa dalawampung iba't ibang mga wika.

Napakahalaga para sa lahat ng mga magulang/mga tagapag-alaga na kumpletuhin ang online na pagrerehistrong ito, kahit na ang mga tumugon na sa paunang pagrerehistrong tawag sa telepono noong nakaraang linggo. Tanging ang mga magulang/mga tagapag-alaga lamang na walang email address sa file o hindi kumpleto ng pagrerehistro sa online ay makakatanggap ng isang tawag sa pagpaparehistro na telepono na humihiling sa kanila na gawin ang kanilang pagpili. Para sa karagdagang impormasyon at upang higit pang malaman ang tungkol sa [iba-ibang mga opsyon sa pagrerehistro](#), hinihikayat namin ang lahat ng mga magulang/mga tagapag-alaga na bisitahin ang website ng TDSB.

Miyerkules, Agosto 26: Ang email ay ipinadala sa lahat ng mga magulang/mga tagapag-alaga at ang pagrerehistro ay magbubukas sa

Sabado, Agosto 29: Ang pagrerehistro ay magsasara

Mga Susunod na Hakbang

Kami ay patuloy na magbibigay ng impormasyon sa mga pamilya at ipapaalam ang pagbabago sa mga darating na araw. Inihahanda namin ang mga paaralan upang tanggapin ang mga kawani at mag-aaral. Bilang unang hakbang, ang mga Patnubay sa Programa at Pagpapatakbo ay kasalukuyang tinatapos at ibabahagi sa mga Punong-guro/mga Bise Punong-guro at kawani ng paaralan sa susunod na linggo. Upang ligtas na makabalik ang kawani at mga mag-aaral sa paaralan, maraming mga pagsasaalang-alang at pagsasaayos na gagawin sa mga pasilidad ng paaralan at ang kawani ng paaralan nangangailangan ng panahon upang matutunan ang tungkol sa mga kinakailangang ito at magsimulang isagawa bago bumalik ang mga mag-aaral sa paaralan. Matuto nang higit pa tungkol sa aming [mga patnubay na pangkalusugan at pangkaligtasan](#) para sa mga paaralan sa website.

Hinihingi namin ang inyong patuloy na pagpapasensiya habang ang mahalagang gawaing ito ay nagpapatuloy. Mangyaring alalahanin na ang mga guro at kawani ng paaralan ay sabik din na naghihintay ng impormasyon at mga detalye na magpapahintulot sa kanila na magplano para sa Setyembre. Aabutin ng ilang mga panahon upang ihanda at tapusin ang mga planong espesipiko sa paaralan at klase. Mangyaring alamin na magsisimulang ibahagi ng mga punong-guro ang espesipiko sa paaralan na impormasyon na direkta sa mga pamilya sa lalong madaling panahon. Alam namin na kayo ay may maraming mga tanong at mga alalahanin at ang mga kawani ay patuloy na gagawin ang kanilang makakaya na magbigay ng kinakailangang impormasyon at panatilihin kayong napaalaman.

Tayo ay magkakasama dito at tayong lahat ay nakikibahagi sa isang karaniwang layunin upang matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga kawani, mag-aaral at pamilya. Nais namin na maging maayos hangga't maaari ang pagbabalik sa paaralan para sa lahat at kailangan nating magpatuloy na magtrabahong magkakasama upang mangyari ito.





Matapat,

A handwritten signature in black ink, appearing to read "Carlene Jackson".

Carlene Jackson
Direktor ng Edukasyon

A handwritten signature in black ink, appearing to read "Alexander Brown".

Alexander Brown
Tagapangulo

